ISSN 2672-2879
Tomo 2 Blg. 5, Setyembre-Oktubre 2020

# CaraBalitaan

Opisyal na Tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones

## Kwentong kumpay at tagumpay

NI **MARY ANTONETTE ANDARZA**

**DA-PCC sa WVSU — "Pangumpay now, gatas later."**

Ito ang makaagaw-pansin na linya ng viral Facebook post ni Dionisio Capillo ng Lambunao, Iloilo, na naging inspirasyon sa marami matapos niyang isalaysay ang mga paghihirap na dinanas nila sa pagtataguyod ng pag-aaral ng kanilang mga anak at kung paano nila nalampasan ang mga ito sa tulong ng pagkakalabawan.

*"Indi man sa gusto namon ipahambog, ang katuyuan sang amon pag-post kay para maganyat man bala ang mga tawo nga sang pagsagod sang karabaw, kapisan lang ang capital, kag wala uyang kay tanan makwartahan* [Hindi naman sa pagmamayabang, ang nais naming maiparating sa pag-popost namin ay para mahikayat ang mga tao sa pagkakalabawan. Sa gawaing ito, sipag lang ang puhunan at walang sayang dahil lahat ay mapagkakakitaan]," ani Dionisio.

Sa kasalukuyan, ang nasabing post ni Dionisio noong Setyembre 13 ay mayroon nang 190 reactions, 53 comments, at 21 shares. Inilahad ni Dionisio ang buong kwento sa likod ng nasabing Facebook post, mula sa

SUNDAN SA P. 4





# Pagsusulong ng CCDP

NI **CHARLENE JOANINO**

**DA-PCCNHGP — Inaasahang mapatataas ang kita ng magniniyog sa hinaharap sa pamamagitan ng kabuhayang hatid ng gatasang kalabaw. Ito ay sa tulong ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP) na nakatuon sa pagsasagawa ng mga inisyatibang may kaugnayan sa integrated farming.**

Nagkaroon ng memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) at ng DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA) na magtutulungan sa pagsasagawa ng CCDP. Isinagawa ito noong Setyembre 12 sa Milka Krem outlet sa University of the Philippines - Los Baños (UPLB) sa Laguna at nai-broadcast online.

Ang naturang aktibidad ay pinangunahan nina Dr. Arnel Del Barrio, DA-PCC executive director, at Roel Rosales, DA-PCA deputy administrator -operations branch. Kasama rin sa MOA signing sina Dr. Caro Salces, DA-PCC deputy executive director, at ilang empleyado ng DA-PCC sa UPLB.

"Layon sa CCDP na magkaroon ng iba pang mapagkakakitaan ang mga magniniyog sa pamamagitan ng kabuhayang salig sa

SUNDAN SA P. 6

***"Tama ka kakapoy, antis magduty gapangumpay pag-uli pangumpay du man. But those sacrifices are now very worth it*** **[Sobrang nakapapagod, nangungumpay ako bago mag-duty at saka pag-uwi ay mangungumpay ulit. Pero lahat ng mga sakripisyong 'yon ay nagbunga]."**

**-Dionisio Capillo**
*Lambunao, Iloilo*

# DepEd-Baybay, BDC, DA-PCC nagkaisa sa School-based Milk Feeding Program

NI **EMY GORITTE GORRA**

**DA-PCC sa VSU — Katuwang ang DA-PCC sa Visayas State University (DA-PCC sa VSU) at Baybay Dairy Cooperative (BDC), sinimulan na ng Baybay City Division ang dry-run ng pangmalawakaang School-based Milk Feeding Program (SBMFP) noong Oktubre 5 sa Baybay City Division Office (BCDO), Baybay City, kung saan ito rin ang official drop-off point ng programa.**

Pinangunahan ni Jeanne Araneta, Nurse II ng BCDO, ang pamamahagi ng gatas para sa mga batang benepisyaryo ng milk feeding program. Nasa 9,100 sachets ng 200 ml pasteurized chocolate carabao's milk ang isinuplay ng BDC para sa unang apat na araw ng programa sa 10 distrito ng mababang paaralan ng Baybay City.

Ilang araw bago ang nasabing programa, nagsagawa ang BCDO kasama ang DA-PCC sa VSU ng mga orientations at seminars tungkol sa proper milk handling protocol na nilahukan ng mga school heads, miyembro ng Parent and Teachers Association (PTA), at feeding program coordinators ng mga paaralan.

Dahil sa pandemya, iba't ibang istratehiya ang ginawa ng mga paaralan upang matugunan ang pangangailangang pangnutrisyon ng mga piling batang benipisyaryo ng programa, na naitalang severely wasted.

Ayon kay Araneta, may mga paaralan na isinasabay ang pagbibigay ng milk sachets sa mga modules ng mga bata at mayroon din namang sumusunod sa schedule ng pagkuha ng milk sachets. Samantala, ikinonsidera rin ng BCDO ang mga batang may lactose intolerance kung kaya't kinukuhanan din nila ang mga magulang nito ng pahintulot bago isagawa ang milk feeding.

Para naman sa BDC, itinuturing nilang malaking tulong ang maging bahagi ng School-based Milk Feeding Program dahil hindi lang sila nakatutulong sa pagsulong ng nutrisyon ng mga kabataan, bagkus ay nagsisilbing oportunidad din ito para magkaroon sila ng siguradong merkado para sa kanilang aning gatas ng kalabaw.

Naganap noong Hulyo 16 ang paglalagda ng memorandum of agreement sa pagitan ng BCDO at DA-PCC sa VSU para sa implementasyon ng SBMFP.

# Wastong pagpapalahi sa mga alagang kalabaw

NINA **LEINEFE ATON** AT **MA. CECILIA IRANG**

**DA-PCC sa USF — Mapataas ang antas ng "heat detection" o "estrus" sa mga kalabaw na magreresulta sa mas mainam na reproductive performance ng hayop ang layunin ng isinagawang pagsasanay tungkol sa Ovarian Palpation o Advance Reproductive Management Training ng DA-PCC sa Ubay Stock Farm (DA-PCC sa USF) noong Agosto 27 hanggang Setyembre 16 sa Lomangog, Ubay, Bohol.**

"Sa kabuuan, ang ovarian palpation ay isang maagap na paraan para sa wastong pagpapalahi dahil sa pamamagitan nito malalaman na ng mga artificial insemination technicians ang sitwasyon ng obaryo ng hayop kung ito ay maaaring i-AI o kung kailangan nito ng hormone injection para maglandi kaysa hintayin pang magpakita ng senyales," paliwanag ni Bonifacia Granada, chief ng extension services ng DA-PCC sa USF.

"Kung mahigpit naman na masusunod 'yong mga protocols lalo na kung maiging mamomonitor ang hayop, mataas ang posibilidad na mabuntis ang kalabaw pati na rin 'yong mga hindi nagpapakita kaagad ng senyales ng paglalandi," dagdag ni Granada. "Sa pamamagitan nito, ang adhikain natin na makapagprodyus ng mga bulo na may matataas na lahi sa kanayunan ay makakamit natin," aniya pa.

Ang mga kalahok sa nasabing pagsasanay ay kinakailangang dumaan at nakakumpleto ng Basic Training Course on AI and Pregnancy Diagnosis (PD) at aktibo sa pagganap at pagsasagawa ng kanilang mga natutunan.

Dahil sa pandemya, limang kalahok lamang ang nakasali sa pagsasanay. Kinapalooban ang apat na linggong pagsasanay ng isang araw na talakayan ukol sa ovarian cycle at structure nito; isang linggong aktwal na pagsasanay sa institutional farm at dalawang linggo sa field kung saan mahigpit silang pinasunod sa safety protocols.

# Pagsasanay sa AI, PD sa panahon ng pandemya

NINA **DORIE BASTATAS** AT **ALIANA BIANCA BARAQUIO**



**DA-PCC sa MLPC at DA-PCC sa UPLB — Alinsunod sa mga bagong direktiba ng gobyerno para maiwasan ang pagkalat ng corona virus, nilimitahan ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang bilang ng mga kalahok na sasailalim sa bawa't pagsasanay na isinasagawa nito.**

Dahil dito, pinapangkat ng ahensya sa ilang grupo ang mga kalahok para makadalo. Noong Setyembre 28 hanggang Oktubre 25, nagsagawa ng pagsasanay sa "Basic Course on Artificial Insemination (AI) and Pregnancy Diagnosis (PD) in Large Ruminants" ang DA-PCC sa Mindanao Livestock Production Complex (DA-PCC sa MLPC) para sa pangatlo at pang-apat na grupo ng mga kalahok nito. Sila ay mula sa bayan ng Siocon, Sindangan, Katipunan ng Zamboanga del Norte, Tabina, Zamboanga del Sur, at RT Lim, Zamboanga Sibugay.

Apat sa mga ito ang sinanay bilang Village-based Artificial Insemination Technician (VBAIT) habang dalawa naman bilang Local Government Unit (LGU) technician.

Layunin ng pagsasanay na paunlarin ang kakayahan at kaalamang teknikal ng mga AI technicians na makapagbigay ng serbisyo sa mga hayop kahit pa sa ilalim ng "New Normal". Layon din nito na mapahusay ang kakayahan ng mga kalahok sa pagpapalahi ng hayop at matukoy kung buntis na ang mga ito.

"Maglaan kayo ng oras upang matuto at maging seryoso sa paglahok sa programa para matulungan natin ang mga magsasaka na mapabuti ang kanilang buhay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga kalabaw na magaganda ang lahi," ani Dr. Cecelio Velez, center director ng DA-PCC sa MLPC.

Ang pagsasanay ay kinapalooban ng mga talakayan kaugnay sa artipisyal na pagsesemilya at aktwal na pagsasagawa ng mga natutunan o practicum sa mga natukoy na lugar.

Sa kabilang banda, nagsagawa rin ang DA-PCC sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC sa UPLB) ng nasabing pagsasanay sa iba't ibang lugar noong Setyembre 1 hanggang Oktubre 1 sa Magdalena, Laguna; Setyembre 14 hanggang Oktubre 13 sa OPV, Batangas; at Setyembre 27 hanggang Oktubre 28 sa Nasugbu, Batangas.

Dahil na rin sa pandemya, nilimitahan lamang ng DA-PCC sa UPLB sa dalawa ang bilang ng mga kalahok sa bawa't lugar.

"Isang napakagandang karanasan po na makalahok sa pagsasanay na ito. Natutunan ko halos lahat ng nangyayari sa field kagaya ng dystocia at iba pa. Nagpapasalamat po ako sa DA-PCC dahil natuto po ako nang maayos at makatutulong na rin po ako sa mga kapwa ko magsasaka na nangangailangan ng serbisyo sa pagsesemilya sa kanilang mga alaga," pagbabahagi ni Harvey Talabis, isa sa mga kalahok.

Noong mga nakaraang taon, ang pagsasanay ng AI at PD ay isinasagawa sa opisina ng DA-PCC sa UPLB kung saan umaabot sa 12 ang mga kalahok.

"Kung ikukumpara ang pagsasagawa ng AI at PD training noon at ngayong may pandemya, mas mahirap ang implementasyon dahil kailangang sumunod sa mga health protocols, IATF guidelines, at iba pa. Maraming dapat isaalang-alang para sa kapakanan ng lahat," paliwanag ni Joela Malijan, Training Coordinator III ng DA-PCC sa UPLB.

Ang pagsasanay ay binubuo ng theoretical at practical na aspeto kung saan susuriin ang mga kalahok batay sa mga aspetong ito bilang bahagi ng panghuling pagsubok ng kurso.

# Kwentong kumpay...

MULA SA P.1

kaniyang pagsisimula hanggang sa nakamit na tagumpay.

**Dating gawi**

Nagtrabaho sa Manila bilang cashier ang kaniyang asawa habang siya naman ay security guard. 'Di nagtagal ay umuwi ng Lambunao, Iloilo ang mag-asawa upang dito na manirahan. Dito na rin nila pinalaki at pinag-aral ang kanilang mga anak. Nagtrabaho bilang collector sa banko si Dionisio habang isinasabay niya rin dito ang pag-aalaga ng kalabaw.

Aniya, simula pagkabata ay nakahiligan na niya ang pag-aalaga ng kalabaw ng kanilang pamilya kasama ang kaniyang ama. Kaya noong nagsimula sila ng kaniyang asawa na si Wilma na mag-alaga ng native na kalabaw noong 2000 ay nanumbalik ang passion ni Dionisio sa kinagawiang gawain, na nagbigay sa kaniya ng motibasyon upang pagtiyagaan ang upgrading ng kaniyang inaalagaang hayop.

**Tulong at tiyaga**

Personal na nakipag-ugnayan ang mag-asawa sa tanggapan ng DA-PCC sa West Visayas State University (WVSU) upang humingi ng tulong sa pagpapalago ng kanilang nasimulang pagkakalabawan. Mapalad naman silang natugunan ng ahensya at naging benepisyaryo ng paiwi, bull loan, at artificial insemination programs nito. Maliban dito, regular din silang nakatatanggap ng mga serbisyong teknikal para sa kanilang mga alaga.

"*Pila man ka beses nga gin AI ang amon karabaw kag wala nagbusong. Pero wala guid kami nag-untat kay gusto gid namon magka crossbred nga karabaw. Kag nagbunga man ang amon paghulat kag pagtinguha* [Ilang beses ding hindi naging matagumpay ang pag-AI sa aming mga kalabaw. Pero hindi kami sumuko dahil sa kagustuhan naming magkaroon ng crossbred na kalabaw. At ngayon, nagbunga din ang aming paghihintay



at pagsisikap]," salaysay naman ni Wilma.

Noong 2018, pinarangalan ng DA-PCC sa WVSU ang mag-asawa ng "Best Milk Quality award" bilang pagkilala sa kanilang pagsisikap na mapabuti ang kalidad ng gatas na ibinebenta nila sa kooperatiba.

Nagpapasalamat din sila sa DA-PCC dahil nabigyan sila ng pagkakataon na makalahok sa mga pagsasanay sa Nueva Ecija at Ubay, Bohol. Sa kasalukuyan, miyembro si Wilma ng board of directors ng Calinog Farmers' Agriculture Cooperative (CAF-AGRI Co-op) habang nagtatrabaho naman ang anak nilang si Johnwell bilang milk processor.

**Benepisyo mula sa kalabaw**

Nakagawian na sa tuwing magtatagumpay ang mga anak ay ang unang-una nilang pasasalamatan ay ang kanilang mga magulang nguni't kaiba ang mga anak ng mag-asawa dahil maliban sa kanila, nagpapasalamat din ang mga ito sa kanilang mga alagang kalabaw, na naging isa sa mga daan upang sila'y makapag-aral at makapagtapos.

"*Indi niyo gid pag ikahuya nga bakero kita. Kay tungod sa karabaw nakaeskwela kamo kag may panggasto kita sa adlaw-adlaw nga tanan. Bisan diin kamo magkadto kag ano man malab-otan niyo, dumdumon niyo ang karabaw nga nagpatapos kaninyo* [Huwag ninyong ikahiya na tayo'y nag-aalaga ng kalabaw. Sapagka't dahil sa kalabaw, nakapag-aral kayo at may pantustos tayo sa araw-araw. Kahit saan man kayo mapunta at ano man ang marating niyo sa buhay, alalahanin ninyo ang kalabaw na nagpaaral sa inyo]," ang madalas na payo ng mag-asawa sa kanilang mga anak.

Nakapagtapos ng Bachelor of Science in Marine Transportation ang anak nilang si Jun Kwollen na nagtatrabaho na ngayon sa barko. Nasa ikalawang taon naman si Joy sa kursong BS Accountancy. Silang dalawa ay nag-aral sa pribadong paaralan, na itinuturing na ng mag-asawa bilang tagumpay dahil anila, para sa isang magsasaka, ang makapag-aral sa isang pribadong kolehiyo ang kanilang mga anak, ay isa nang mataas na pangarap.

Maliban sa paggagatas, pinagkakakitaan din nila ang dumi ng kanilang alagang kalabaw. Ibinebenta nila ang bawa't sako ng vermicompost sa halagang Php100, na binibili ng kanilang mga suki upang gawing pataba sa pananim. Malaking tulong din, aniya, ito sa kanilang pamilya sapagka't walang kailangang puhunan para sa nasabing gawain.

"*Sa kabuhi, indi tanan nga ti-on utok ta lang gamiton ta. Kinanglan man ang dedikasyon kag paghimakas nga mapatapos ta ang bata ta kag mataw-an ti mayad nga pangabuhi.*

Sa kasalukuyan, mayroon silang inaalagaang dalawang Italian Mediterranean buffaloes at anim na crossbred na kalabaw, na isa rito ay ginagatasan. Ayon kay Dionisio, bago siya pumasok at pagkagaling sa trabaho ay nangungumpay siya ng pakain para sa mga alagang kalabaw.

*Ang karabaw, kapisan lang di-a ang imo kinanglan. Kay waay man ti gasto kay hilamon man lang ang ginakaon* [Sa buhay, hindi sa lahat ng pagkakataon ay talino ang ating gagamitin. Kailangan natin ng dedikasyon at pagsisikap na mapag-aral at mabigyan ng magandang buhay ang ating mga anak. Ang kalabaw, sipag lang ang kailangan natin diyan dahil hindi naman magastos kasi damo lang naman ang kinakain]," pahayag ni Dionisio bilang paghihikayat sa nakararami na sumubok sa pagkakalabawan.

Malaki din ang pasasalamat ni Dionisio sa DA-PCC sa WVSU sa tulong nito sa pamamagitan ng iba't ibang programa upang mapaunlad ang kanilang pagkakalabawan. Hinikayat din niya ang kaniyang mga anak na tulungan ang CAF-AGRI Co-op sa kanilang mga programa upang mas mapalago ito. Aniya, naging daan ang DA-PCC at CAF-AGRI Coop sa pag-abot ng kanilang mga pangarap.

Tinatanaw din ng mag-asawa ang oportunidad na magtayo sila ng kanilang sariling milk processing facility. Sa tulong ng anak nilang si Jun Kwollen, binabalak din nilang ipaayos ang kulungan ng kanilang mga kalabaw upang mas mapabuti ang kanilang pag-aalaga sa mga ito.




# Lakas-kalabaw para sa magsasaka ng Negros Oriental

NINA **VICTOR GEROCHE** AT **MA. CECILIA IRANG**

## DA-PCC sa LCSF — Dalawampu't tatlong native na kalabaw ang nakaplanong ipamahagi sa taong ito sa mga magsasaka ng Negros Oriental sa ilalim ng Special Area for Agricultural Development (SAAD) Program ng Department of Agriculture bilang suporta sa kanilang kabuhayan.

Kaugnay nito, nagsagawa ng mga pagsasanay ang DA-PCC sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC sa LCSF) sa mga magsasakang benepisyaryo ng SAAD program tungkol sa wastong pangangalaga at pamamahala ng kalabaw noong Oktubre 1 at Oktubre 14 sa munisipalidad ng Tayasan at La Libertad. Maliban sa kalabaw, tatanggap din ng pang-araro ang mga napiling asosasyon ng magsasaka.

Nagsimula ang mga serye ng pagsasanay sa Negros Oriental noong Oktubre 1 kung saan 36 na magsasaka mula sa barangay ng Pinocawan, Panubigan, at Tanlad sa Tayasan ang dumalo.

Binigyang-diin ni Sarah Perocho, agricultural program coordinating officer ng Negros Oriental, ang kahalagahan ng pagpapaunlad sa kakayahan at kaalaman ng mga magsasakang benepisyaryo para masiguro na mapakikinabangan nila nang tuluy-tuloy ang mga interventions na kanilang natanggap dahil malaking tulong ito sa kanilang kabuhayan lalo na sa panahon ng pandemya.

Kabilang sa mga paksang tinalakay ng DA-PCC sa LCSF sa pagsasanay ay ang forage production at proper feeding, ruminant health management, at pagpapalahi sa kalabaw sa pamamagitan ng artificial insemination. Tinalakay din ang potensyal ng kalabaw bilang mapagkukunan ng gatas at karne. Ang mga kalahok ng pagsasanay na isinagawa noong Oktubre 14 sa Barangay Pacuan, La Libertad ay nakibahagi rin sa aktwal na paggawa ng Urea-Treated Rice Straws (UTRS).

Dalawa pang pagsasanay ang nakatakdang isagawa bago matapos ang taong ito sa munisipalidad ng Mabinay at Sta. Catalina sa Nobyembre 12 at 26.

# Pagsasanay sa pagpoproseso ng gatas bilang dagdag-kita

NI **AILEEN BULUSAN**

**DA-PCC sa CSU — Nagsagawa ng pagsasanay tungkol sa wastong paraan ng pagpoproseso ng gatas ang DA-PCC sa Cagayan State University para sa mga piling kababaihan ng Bagunot, Baggao, Cagayan noong Setyembre 30 sa adhikain nitong magkaroon sila ng karagdagang mapagkakakitaan.**

Walong kababaihan ang lumahok sa nasabing pagsasanay kung saan natutunan nila ang proseso sa paggawa ng iba't ibang mga produktong gatas.

Ang isinagawang pagsasanay ay bilang tugon na rin sa kahilingan ng samahan ng mga kababaihan ng barangay Bagunot sa pangunguna ng presidente nito na si Anita Marcelo. Personal na sumulat ng kahilingan si Marcelo sa tanggapan ng DA-PCC sa CSU na turuan sila sa iba't ibang proseso at pamamaraan ng pagluluto gamit ang gatas ng kalabaw upang makalikha ng trabaho para sa mga kababaihan.

Ayon kay Marcelo, ang bawa't pamilya ng miyembro ng kanilang organisasyon ay may alagang kalabaw, na ang ilan sa kanila ay kabilang din sa programang paiwi ng DA-PCC.

Sa unang bahagi ay nagkaroon ng maiksing talakayan tungkol sa proper and safe handling of milk na ibinahagi ni Dr. Aileen Bulusan, science research analyst ng ahensiya. Pagkatapos nito ay sinimulan na ni Sarah Angelica Sibbaluca, laboratory aide/production manager ng planta ng DA-PCC sa CSU, ang pagtuturo sa aktwal na pagpoproseso ng pasteurized at flavored milk (pandan at melon flavors).

Bilang panghuling bahagi ng pagsasanay, inanyayahan ng DA-PCC sa CSU si Marvin Badua para ituro sa mga kalahok ang paggawa ng milk candy, isa sa mga sikat na produkto ng Cagayan. Si Badua ay milk candy processor ng Integrated Farmer's Cooperative (IFC), isang kooperatiba na inaasistehan ng DA-PCC, na mahigit 10 taon nang gumagawa ng milk candy gamit ang gatas ng kalabaw.

"Gatas ng kalabaw ang pinakamainam na gamitin sa paggawa ng milk candy dahil sa taglay nitong mataas na total solids at kakaibang linamnam," ani Badua

# Pagsusulong ng CCDP...

MULA SA P.1

pagkakalabaw," ani Paul Andrew Texon, DA-PCC focal person sa proyekto.

Nagkaroon din ng pagpupulong online sa pagitan ng mga kasangkot sa proyekto noong Oktubre 8 at opisyal naman na inilunsad online ang CCDP noong Oktubre 22 sa pangunguna ng DA-PCC.

Ayon kay Texon, ang MOA ay tatagal ng dalawang taon at ipatutupad sa 17 project sites sa bansa. Ang mga sites ay nasa mga piling bahagi ng Rehiyon IV A, Rehiyon IV B, Rehiyon V, Rehiyon VI, Rehiyon VII, Rehiyon VIII, Rehiyon IX, at Rehiyon XII.

Sa ilalim ng CCDP, ang DA-PCC ay magsasagawa ng mga inisyatiba katulong ang DA-PCA. Ang mga naturang interbensyon ay kinabibilangan ng pagpapakakaloob ng kalabaw, pagtatayo ng mga pasilidad para sa pagpoproseso ng gatas ng kalabaw at mga market outlets, paghasa sa abilidad ng value-chain players, koordinasyon sa mga kasangkot, monitoring, at pagsusuri sa kinahinatnan ng proyekto.

Nakatakdang magkaloob ng higit sa 800 kalabaw sa mga benepisyaryo. Ang mga napiling magsasaka ay maglalaan ng sapat na lupa para sa konstruksyon ng koral at taniman ng pakain sa alaga.




Ang DA-PCC at DA-PCA ay makikipagtulungan sa piling munisipalidad at panlalawigang lokal na pamilihan para sa pagbibigay ng suportang teknikal, pagsubaybay o pagmonitor, at paglalaan ng mga marketing facilities. Habang ang mga cooperative conduits ay kasama sa pagsusulong ng carabao enterprise value chain.

Bahagi rin ng CCDP ang pagsasagawa ng DA-PCC ng mga pagsasanay na may kinalaman sa pag-aalaga ng kalabaw sa pamamagitan ng Cara-Aralan sa Niyugan.

Gagamitin ang gatas na makukuha mula sa CCDP bilang isa sa mga mapagkukunan ng supply ng gatas na kinakailangan sa pagpapatupad ng National Feeding Program sa ilalim ng RA11037 o "Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act".




# Paghahanda sa mga benepisyaryo ng CCDP sa Zambo Sibugay

NI **DORIE BASTATAS**

**DA-PCC sa MLPC — Sumailalim sa Social Preparation Training (SPT) ang 43 benepisyaryong magniniyog sa Makilas at Tomitom, Ipil, Zamboanga Sibugay noong Setyembre 29-30 bilang paghahanda sa Coconut-Carabao Development Project (CCDP).**

Ang nasabing pagsasanay, na isinagawa ng DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA) at DA-PCC sa Mindanao Livestock Production Complex (DA-PCC sa MLPC), ay naglalayong bigyan ng hustong preparasyon ang bawa't potensyal na benepisyaryo ng carabao development program. Gayundin, pinahuhusay nito ang mga kakayahan ng mga kalahok sa pakikitungo sa kapwa magsasaka at upang lubos nilang maunawaan ang mga programa at layunin ng CCDP.

Ang CCDP ay isang inisyatibong proyekto sa pamamagitan ng Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform na ipinatutupad ng DA-PCA at DA-PCC sa adhikain nitong mabigyan ng karagdagang mapagkakakitaan ang mga magsasaka na pangunahing kabuhayan ang pagniniyugan. Ang mga benepisyaryo ay magiging miyembro ng Small Coconut Farmer Organizations (SCFOs).

Kabilang sa mga paksang tinalakay sa pagsasanay ay ang mga benepisyong hatid ng kalabaw at mga kabuhayang nakasalig dito, mga kakayahan at katangian na kinakailangan ng bawa't kabalikat sa proyekto ng DA-PCC at DA-PCA, apat na haligi para sa pagpapanatili ng matagumpay na proyekto, at mga pamantayan sa pagpapakatao para sa mas matatag na samahan.

Nagsilbing mga tagapagsalita sina Regional Carabao-Based Enterprise Development (CBED) Coordinator Fe Emelda Academia at Center Director Dr. Cecelio Velez habang umaasiste naman sa talakayan sina Community Development Officer Josephine Mendoza at CBED Support Staff Fairy May Begota.

"Sa pamamagitan ng SPT, inihahanda kayo bilang mga benepisyaryong magsasaka ng CCDP sa mga posibleng pagsubok at hamon ng nasabing proyekto. Bukod dito, hinihikayat din kayo na maging aktibo sa pakikilahok at pagsasakatuparan ng inyong mga magiging responsibilidad hindi lamang sa inyong pamilya kundi pati sa pamayanan at lipunan," ani Academia.

Dumalo rin sa nasabing aktibidad sina Hon. Ramces Troy Olegario, Ipil-Vice Mayor; Danilo Bendanillo, acting project development officer-PCA-Region 9 ng Pagadian City; Ariel Tomong, OIC Division chief ng PCA-Ipil; Jessie Patcho, acting senior agriculturist PCA-Ipil; Hon. Ryan C. Soria, Brgy. Captain-Makilas; Hon. Ma. Elsie Bolodo, Brgy. Captain-Tomitom; at mga barangay kagawad.

# Milk feeding para sa maayos na kalusugan, masaganang kabuhayan

NI **RODOLFO JR. VALDEZ**

**DA-PCC sa USM — Sa pagsasagawa ng School-Based Feeding Program o SBFP sa lalawigan ng Cotabato, nasa 11,000 mga bata ang mabebenepisyuhan ng programa sa ilalim ng milk feeding component nito.**

Ang naturang aktibidad na pinangungunahan ng Department of Education-Cotabato Schools Division katulong ang DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) at D&L Dairy Farm ay nagsimula nang magpamahagi ng gatas ng kalabaw noong Oktubre sa mga natukoy na bata sa bayan ng Pikit, Kabacan, Matalam, M'lang, Tulunan, Magpet, at Makilala.

Ang bawa't benepisyaryo ay makatatanggap ng 200 ml toned carabao's milk kada araw sa loob ng 20 araw.

Sa ilalim ng slogan nitong "Tangkad, Lusog, Talino para sa Batang Pilipino", inilahad ni Cotabato Division SBFP Focal Person Riza Bakong, RN ang malaking partisipasyon ng mga guro sa pagsasakatuparan ng hangarin ng gobyerno na masugpo ang malnutrisyon sa mga batang itinuturing na pag-asa ng bansa.

"Napakalaki ng ginampanang responsibilidad ng mga guro sa araw-araw na pagpapamahagi ng gatas sa mga estudyante," dagdag pa ni Bakong.

Naging aktibo rin sa pamamahagi at pagtulong ang DA-PCC sa USM sa pangunguna nina Center Director Benjamin John Basilio at Dairy Processing Head Ludivina Estimo.

"Dahil sa lumalaganap na pandemya, kailangan nating sumunod sa mga safety precautions kaya naman mas naging maingat tayo sa pagganap natin ng proyekto. Pero sa kabila ng COVID-19, mas naging masigasig tayo lalo sa paghahatid ng tulong para sa mga batang nangangailangan ng dagdag nutrisyon," ani Estimo.

Ayon naman kay Dir. Basilio, matutugunan din ng nasabing programa ang pangangailangan sa siguradong merkado ng produkto ng mga maggagatas sa probinsya.

"Ang paglagda ni Pangulong Duterte sa R.A 11037 noong 2018 ay nagsilbing magandang oportunidad hindi lamang para masugpo ang malnutrisyon sa bansa kundi para rin mapataas ang demand sa lokal na produksyon ng gatas na makapagbibigay ng tiyak na kita sa mga magkakalabaw," pagbibigay-diin ni Dir. Basilio.

Ang D&L Dairy Farm sa M'lang, North Cotabato ang supplier ng gatas ng kalabaw na ipinagkaloob sa mga pampublikong paaralan sa nabanggit na mga munisipalidad.

"Kaming mga carapreneurs ay lubos na nagpapasalamat sa biyayang ito. Isa sa mga hangarin namin ay tangkilikin at maging kilala ang kalabaw hindi lang bilang pantrabaho sa bukid kundi bilang mapagkukunan ng masustansyang gatas para sa atin, lalung-lalo na sa mga batang Pilipino," ani Dominic Paclibar, may-ari ng D&L Dairy Farm, na inaasistehan ng DA-PCC sa USM.

Ang SBFP ay isinasagawa ng DepEd alinsunod sa R.A. 11037 o mas kilala bilang "Masustansiyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act". Batay rin sa batas, isinama ang fresh milk o gatas sa hot meals na ipinagkakaloob para sa mga undernourished na estudyante sa mga pampublikong paaralan.


Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED:ISO 9001 I ISO 14001 I OHSAS 18001

**DA-PCC sa Mariano Marcos State University**
Batac, Ilocos Norte

**DA-PCC sa Cagayan State University**
Tuguegarao City, Cagayan

**DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University**
Rosario, La Union

**DA-PCC National Headquarters and Gene Pool**
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

**DA-PCC sa Central Luzon State University**
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

**DA-PCC sa University of the Philippines-Los Baños**
Los Baños, Laguna

**DA-PCC sa Visayas State University**
Baybay City, Leyte

**DA-PCC sa West Visayas State University**
Calinog, Iloilo

**DA-PCC sa La Carlota Stock Farm**
La Granja, La Carlota CIty, Negros Occidental

**DA-PCC sa Ubay Stock Farm**
Ubay, Bohol

**DA-PCC sa University of Southern Mindanao**
Kabacan, North Cotabato

**DA-PCC sa Central Mindanao University**
Maramag, Bukidnon

**DA-PCC sa Mindanao Livestock Production Complex**
Kalawit, Zamboanga Del Norte

## CaraBalitaan

Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.



## EDITORIAL BOARD

**Editors** Eric P. Palacpac, Rowena G. Bumanlag
**Managing Editor** Ma. Cecilia C. Irang
**Regional Managing Editors** Christine Helen M. Adriano, Victor S. Geroche, Dorie D. Bastatas
**Writers** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino
**Contributors** Mary Antonette G. Andarza, Leinefe L. Aton, Aliana Bianca Baraquio, Dorie D. Bastatas, Aileen L. Bulusan, Victor S. Geroche, Emy Goritte E. Gorra, Rodolfo Jr. T. Valdez
**Layout** Khrizie Evert Marcelo-Padre
**Circulation Manager** Charlene S. Joanino
**Executive Director** Arnel N. Del Barrio